

Bandilang Itim
Magkaugnay ang ating Pakikibaka
Towards Anarchy in the Archipelago
Para sa pagpapalawig ng kaisipan ng kalayaan



Errico Malatesta
Anarkiya at Pamahalaan
1989

Ang panimula at sipi ay mula sa sa pahinang 127–142 ng aklat *Mga Teoryang Pampulitika: Mga Pinaikling Sanaysay nina: Plato, Aristotle, Aquinas, Machiavelli, Hobbes, Locke, Marx, at Malatesta*, na-edit at isinalin ni Benjamin R. Mangubat at ni Venancio de los Reyes. Lathalain noong 1989.

Ang “Anarkiya at Pamahalaan” ay isang sipi at pinaikling sanaysay mula sa aklat *Anarchy* ni Errico Malatesta. Inilathala namin ito sa *Bandilang Itim* para sa kahalagahan nito sa mga anarkisista sa kapuluan.

bandilangitim.xyz

Anarkiya at Pamahalaan

Errico Malatesta



1989

Talaan ng mga nilalaman

Panimula: Errico Malatesta at ang Kilusang Anarkismo	3
Anarkiya at Pamahalaan	5
Batayang Aklat at Kadagdagang Babasahin	13

Panimula: Errico Malatesta at ang Kilusang Anarkismo

Ang anarkismo ay isang reaksyon laban sa anumang uri ng pamahalaan, mga batas o anumang uri ng samahan na naglalayong limitahan ang natural na kalayaan ng tao. Para sa mga anarkista, ang daigdig ng pulitika ay naglalarawan ng arbitraryong kapangyarihan at dahil dito, winawaksi ng mga anarkista ang anumang kilusang may bahid ng pulitika. Bagamat binabatikos ni Malatesta sa kanyang sanaysay ang kapitalistang lipunan, sinisiraan rin ng kanyang mga kasamahan ang sosyalismo at ang Marxismo dahil sa kanilang sentralismong pamamaraan ng pamamahala.

Kung ang grupo nila Hobbes, Rosseau at Locke ay naniniwala sa kontratang panlipunan, ang mga anarkista naman ang kontra dito. Sa palagay nila, ang pagsapi ng tao sa 'lipunang sibil' (ang pangalawang yugto ng mga teoristang kontrata) ang nagsisilbing balakid na siyang humahadlang sa natural na buhay ng tao. Ang karapatan ay nilulun ng mga obligasyon, ang lipunan ay kinain ng estado at ang tao ay naging isang maliit na bahagi ng mga dambuhalang makina at gusali. Ayun kay Horowitz, ang tingin na mga anarkista sa buhay ay isang moral drama kung saan ang mga indibidwal ay palaging nakikipaglaban sa mga panlipunang sistema.

Marahil ang buhay ng isa sa mga naging taga-sunod nito ang magpapalinaw kung paano isinapraktika ang kaisipang anarkismo. Ang tinutukoy namin ay ang makulay na buhay ni Errico Malatesta.

Si Errico Malatesta ay ipinanganak sa Italya sa kalagitnaan nang ika-19-na siglo. Siya'y pumasok sa unibersidad ng Naples at habang tinatapos niya ang kanyang pag-aaral sa medisina, sumapi siya sa kilusang sosyalismo, Dito niya nakilala ang isa pang tanyag na anarkista, si Michael Bakunin at naakit si Malatesta sa mga adhikain ng anarkismo. Itinuro nito ang aktibong pagkilos, direktang pagkumpiska ng mga lupa, at mga welgang bayan. Nang siya'y mga 25 taong gulang pa lamang, akala niya'y mauumpisahan niya ang rebolusyon

sa pamamagitan nang paghimuk sa mga pesante upang magrebelde. Isang ulat ang nagsasabi na si Malatesta, kasama ang dalawa niyang kaibigan, ay pumunta sa isang bayan, sa kabundukang bahagi ng timug Italya at hinikayat nila ang mga nagulat na pesante na lusubin ang munisipyo. Sinunog ng grupo ni Malatesta ang lahat ng mga talaan—talaan ng mga panganganak at ng mga patay, mga papeles sa pagaari ng lupain, talaan ng mga kontrata at iba pang mga mahahalagang dokumento. Nang ang mga ito’y tanging abo na lamang, matagumpay silang umalis at lumipat sa karatig bayan at muli nilang tinipun ang mga pesante. Samantalang kinakausap nila ang mga walang kamuang-muang na pesante, biglang umulan at nawala ang mga nakikinig Dumating ang mga pulis at inaresto ang grupo ni Malatesta at dinala sila sa kulungan.

Ang paglalabas at pasok ni Malatesta sa kulungan ay magiging pangkaraniwan sa 60 taong pagiging aktibo sa kilusang anarkismo. Makukulang, palalaysin, ipatatapon at madidistierro (exile) siya sa iba’t ibang bansa tulad ng Argentina, Englatera, Pransya, Espana at Switzerland. Madalas, maski kalalabas niya pa lang sa piitan, nasa lansangan na naman siya at sa pamamagitan ng kanyang mahahanghang na pananalita at matalas na pluma, binatikos niya ang pamahalaan at sistemang pinamamalagian niya.

Si Malatesta, bagamat pinasan niya ang krus ng mga anak pawis, ay mayaman at inialay niya ang kayamanang ito para sa ikauunlad ng kilusan na kanyang pinaniniwalaani Marami siyang inorganisang insureksyon at rebelyong mangagagawa. Dahil dito, maraming mga militanteng grupo ang sumanib sa kanya at bagamat madalas siyang nakulong, maraming beses siyang napalaya dahil sa kanilang mga nilulunsad na welgang bayan para mapalaya siya.

Ang pagsulpot ng pasismo sa Italya at ang sistematikong pagsupil nito sa mga militanteng samahan ang bumuwag sa kilusang anarkismo sa bansa. Siya’y pinabahay aresto (house arrest) hanggang sa pagkamatay niya noong 1932.

Batayang Aklat at Kadagdagang Babasahin

David Apter and James Joll, *Anarchism Today*, New York: Double Day 1972.

Errico Malatesta, *Anarchy*, The Anarchist Library. <theanarchistlibrary.org/library/errico-malatesta-anarchy>

Louis Irving Horowitz, *The Anarchists*, New York: Dell Publishing Company 1964.

Ang “Anarkiya at Pamahalaan” ay isang sipi at pinaikling sanaysay mula sa aklat *Anarchy* ni Errico Malatesta.

nagaganap na kalamidad ay halimbawa ng mga samahan na susulpot kapag mayroong pangangailangan dito.

Ang dahilan kung bakit ang mga samahan na ito ay hindi nagtatagumpay kung minsan ay dahil hinahadlangan sila ng pamahalaan. Isa ang dahilan nang hindi nito pagtatagumpay ay pagkakaroon ng pribadong ari-arian at ang pamamay-ari ng kakaunti sa karamihan ng kayamanan.

Ang mga pamahalaan ang kasalukuyang nagpapatakbo ng serbisyo postal at komunikasyon. Ngunit paano ito tinutulungan ng pamahalaan? Kapag nakita ng mga tao na kailangang-kailangan ang mga serbisyo nito, magkukusa silang mag-organisa nang kusang loob upang gumanap ng kanilang tungkulin. Kapag mahigpit ang pangangailangan, madami ang tutulong.

Ang mga tao ay hindi mamamatay sa gutom sa paghihintay sa pamahalaan na gumawa ng batas ukol dito. Ang ginagawa ng pamahalaan ay aantayin namag-organisa ang mga mamamayan, at kapag tapos na ito, sila ay maggagawa ng batas upang aprubahan ang mga nagawa ng mga tao.

Ang interes o sariling hilig ng tao ang ugat ng lahat nilang pagkilos. Ang interes ng isa ay magiging interes ng lahat. Ganito ang mangyayari kung ang pribadong pag-aari ay inalis. Ang mga tao ay magiging interesado sa pagtatrabaho ukol sa interes ng lahat.

Mahirap maunawaan kung bakit ang paniwala ng iba ay mga serbisyo publiko na kailangan ng lupunan ay mas maayos na mapapatakbo ng pamahalaan. Mas maayos na mapapatakbo ito ng mga manggagawa na kusang loob na nagtatrabaho sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa iba pano magtatrabaho dito.

Sa bawat gawain na kinakailangan nang pagtutulong-tulong ng maraming tao, kinakailangan ng pagtotoka-toka ng gawain at pamahala, Dapat nating ulitin na ang pamahalaan ay isang samahan ng mga tao na isinakamay sa kanilang sarili ang paggawa ng batas, at pumipilit sa mga tao na sundin ito.

Anarkiya at Pamahalaan

Ang anarkiya ay isang salita na nagmula sa wikang Griyego. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay “walang pamahalaan.”

Ang salitang anarkiya ay ginamit sa paglalarawan nang pagkawala ng organisasyon at pagkakangulo. Ito pa rin ang ginagamit na salita hanggang ngayon sa paglalarawan sa pagkakangulo ng mga tao na nais ibahin ang katotohanan.

Ang paniniwala na ang anarkiya ay isang kundisyon kung saan ang paligid ay magulo ay nagmula sa paniniwala na kinakailangan ang isang pamahalaan upang maayos ang takbo ng buhay ng mga mamamayan. Kasama din dito ang paniniwala na kung walang pamahalaan ay magiging magulo, maghahari ang iba at, gaganti ang mga naagrabyado o naloko at ilalagay ng mga ito ang batas sa kanilang mga kamay.

Lahat na bagay na nabubuhay sa ibabaw ng mundo gaya ng tao ay bumabagay sa kondisyon: ng kanilang paligid upang mabuhay. Ito ang kanilang ginagawa na nama na nila sa kanilang mga ninuno. Kayat dahil sa ipinanganak na walang laya dahil alipin ang pinagmulan, ang tao, nang siya ay magsimulang mag-isip ay inakala na niya kinakailangan silang maging alipin upang mabuhay. Para sa kaniya, ang kalayaan ay parang imposible. Sa ganitong paraan, ang isang manggagawa na sa loob ng maraming siglo ay umaasa sa kaniyang amo para sa kaniyang trabahong ikinabubuhay ay nasanay na ang buhay niya ay pinatatakbo ng mga tao mayroong kapital at lupa. Ang manggagawa ay naniniwala na utang na loob niya sa kaniyang mga amo.

Isa pang nagpalawak sa paniwalang ito ay ang epekto ng edukasyon na binigay sa mga tao ng kanilang mga amo, guro, pari at iba pang mga tao na naniniwala na kinakailangan ang pamahalaan. Maari din nating idagdag dito ang imga huwes at mga pulis na siyang pumipilit sa mga mamamayan na mayroong ibang paniwala.

Ang sitwasyon ay maaring ihambing sa isang manggagamot na nagpapaniwala sa isang taong nakagapos na kung kalagin ang

kaniyang gapos, siya ay mamatay. Dahil sa paniwalang ito ang taong nakagapos ay tiyak na lalaban kapag ang gapos niya ay tatanggalin. Ituturing niyang kaaway ang lahat na magtangkang palayain siya sa pamamagitan ng pagkalag sa kaniyan gapos.

Dito natin makikita kung bakit madami ang mga naniniwala na kailangan ng pamahalaan. Sa mga kabanata ng kasaysayan, ang sangkatauhan ay gumamit ng salitang monarkiya upang ilarawan ang pamumuno ng iisa, ang salitang republika upang ilarawan ang pamumuno ng nakararami at ang salitang “anarkiya” ay ginamit upang ilarawan ang pagkakagulo at kawalaan ng kaayusan.

Ang pamahalaan ay maaring pamahalaang lokal o nasyonal at itong dalawa ay magkaiba. Dahil sa ang anarkiya ay naglalayon na alisin ang estado, ang akala ng marami ay ang mga anarkista ay nais lamang ng desentralisasyon. Aalisin ang pamahalaang nasyonal at iiwanan ang pamahalaang lokal.

Dahil dito, dapat ay huwag nating masyadong gamitin ang katagang pag-alis sa estado at gamitin ang isang katagang mas malinaw—“pag-alis sa pamahalaan.”

Sinasabi natin na ang anarkiya ay isang lipunan na walang pamahalaan. Tingnan natin kung maari at tama na alisin ang pamahalaan.

Ano ang pamahalaan? Ito ay isang sakit ng isipan na siyang nagiging sanhi ng halusinasyon na kung saan ang abstraksiyon ay napagkakamalan bilang siyang tunay. Madami ang naniiniwala na ang pamahalaan ay isang organisasyon na mayroong sariling katuwiran, at iba sa mga tao na kasapi nito.

Sa mga ganito ang kaisipan, ang pamahalaan o estado ay isang “abstraktong lakas panglipunan” (abstract social power). Kinakatawan nito ang interes ng taong bayan. Ito ay ang pagbibigay ng karapatan sa lahat at pagsasaalang-alang ng karapatan ng isa’t isa. Ang ganitong paniniwala ay taglay ng mga tao na interesadong mapanatili ang kapangyarihan ng pamalahaan kahit mayroon mga pagkukulang ang mga pinuno nito.

Para sa ating ang pamahalaan ay katipunan ng mga namumuno, mga hari, presidente, ministro, kagawad ng parliyamento or kongreso. Ang mga ito ay may kapangyarihan na gumawa ng batas na nagtatakda ng ugnayan ng mga tao at ipag utos ang mga batas na dapat ay sundin ng lahat. Sila ang nagpapasiya na mangolekta ng buwis, at magpasiya kung sino ang mga dapat maglingkod sa hukbong sandatahan. Sila ang may kapangyarihan na parusahan ang mga lumalabag

ibinibigay lamang upang bigyang katuwiran ng masang anak pawis ang pagbabayad nila ng buwis. Kapag ang pamahalaan ay nagbibigay ng edukasyon, ito ay nagbibigay lamang nito dahil kailangang i handa ang kanilang isipan, sa kanilang gagampanan, bilang mga masunuring alipin ng mga namumuno.

Ang pamahalaan bilang huwes ng lipunan, tagapangalaga ng interes ng publiko ay isang ilusyon, isang Utopia na hindi maaring isakatuparan. Kung ang interes ng mga tao ay salungat sa interes ng isa’t isa, ang mga sigalot na nagiging resulta nito ay siyang dahilan kung bakit kailangan ng batas.

Ang pagkakaroon ng isang pamahalaan, kahit pa natin sabihin na ang isang pamahalaan ng mga sosyalista ay posible ay nangangahulugan nang paglilimitasyon ng inisyatiba sa iilan na namumuno sa pamahalaan. Bibigyan ang kakaunti nang karapatan na mamuno kahit walang gaanong nalalaman.

Upang maintindihan kung ang lipunan ay maaring mabuhay nang walang pamahalaan, tingnan natin ang nagagarap ngayon sa lipunan. Makikita natin na madaming serbisyo ngayon na hindi inihatid ng pamahalaan. Ang pamahalaan ay nakikialam lamang upang pagsamantalahan ang anak pawis, ipagtanggol ang mga maykaya at upang basbasan ang mga nagawang paglilingkod sa lipunan kahit walang tulong nito. Ang mga tao ay nagtatrabaho, nagnenegosyo, nag-aaral, naglalakbay, nagtatamasa ng mga bagong tuklas sa siyensiya nang walang naguutos sa kanila kung paano ito gagawin.

Sa kabaligtaran, ang mga bagay na hindi pinakikialaman ng pamahalaan ang tumatakbo nang maigi at hindi masyadong nagiging sanhi ng alitan.

Ang pamahalaan ay hindi din kinakailangan sa malalaking proyekto o serbisyo publiko na kinakailangan na pagtulung-tulungan ng madaming tao o bansa. Ito sa tingin ng lahat, ang proyekto o simulain na nagtatagumpay: Hindi natin tinutukoy ang mga samahan ng mga kapitalista na itinatag upang pagsamantalahan ang anak pawis. Ang tinutukoy natin dito ay ang mga samahan na itinatag dahil sa pagmamahal sa sangkatauhan. O itinatag para sa mga intereso libangan. Ang mga sinasabing samahan ay patuloy na nabubuhay sa isang lipunan na walang pribadong pag-aari o alitan. Ang mga tao ay makikita na ang interes nila ay kagaya nang interes ng lahat. Ang mga samahan sa ikauunlad ng agham, Red Cross, unyon ng mga mangagawa, mga boluntaryo kapag mayroong

at ipagtanggol ang pamahalaan, sa pamamagitan nang pagtuturo sa mga mamayan na sumunod sa utos ng pamahalaan.

Ang pamahalaan ay siyang nagtatanggol sa buhay ng mga mamamayan. Ginagawa ng pamahalaan na batas ang ilan sa mga karapatan at kaugalian na kung wala ang mga ito ay mahirap ang mamuhay sa isang lipunan. Iroorganisa nito ang pagbibigay ng mga serbisyo, gaya nang paggawa ng mga kalsada, pangangalaga ng kalumsugan ng madla at pagtulong sa mga mahihirap. Ngunit tingnan natin kung bakit ito ginagawa ng pamahalaan. Ito ay ginagawa nila upang mapanitili ang kanilang kapangyarihan at ipagtanggol ang pag-aari ng mga uri na kasapi sa pamahalaan. Ang isang pamahalaan ay hindi maari na mamuno sa loob ng mahabang panahon nang hindi itinatago: ang tunay na katangian nito. Palagi itong magpapanggap na ito ay naglilingkod sa lahat.

Ang isang pamahalaan ay ayaw masira ang isang komunidad, dahil, kapag nangyari ito, wala nag pagsasamantalahan ang naghaharing uri na kabilang sa pamahalaan. Ayaw ng mga namumuno sa pamahalaan na malaman ng mga taong bayan na kaya nitong mamuno sa kanilang sarili, dahil baka maisip ng mga ito na maari pala silang mamuhay nang walang pamahalaan.

Sa ngayon, dahil sa patuloy na paghiling ng mga anak-pawis sa kanilang karapatan, ang mga pamahalaan ay nakikialam sa pagsasamahan ng mga may-ari ng pabrika at kanilang mga manggagawa. Sinusubok nilang supilin ang mga kilusang manggagawa sa pamamagitan nang pagbibigay ng ilusyon na makukuha ang mga manggagawa sa kasalukuyang sistema.

Dapat din nating alalahanin na ang mga burgesya na siyang nagmamayari ng yaman ay palaging nagtutunggalian. Ang pamahalaan na siyang tagapaglingkod at tagapagtanggol ng burgesya ay palaging nagsisikap na palayain ang sarili nito at siya ang maghari laban sa kaniyang ipinagtatanggol. Sa mga ganitong alitan, palaging may mga alyansa itong binubuo na kasama ang mga anak pawis laban sa ibang mga sangay ng naghaharing uri.

Sa gitna ng lahat na ito, ang pamahalaan ay hindi nagbabago. Ito ang tagapagutos ng mga karapatan at tungkulin ng bawat tao. Ang mga mali ay itinutuwid nito at pinaparusahan ang mga lumalabag sa pribelehiyo ng mga namumuno at propretaryo. Idenedeklara nitong legal ang pagsasamantala ng mga mayroong kayamanan sa mga walang kayamanan. Nagbibigay ito ng serbisyo publiko, ngunit ito ay

sa batas. Sila din ang mayroong kapangyarihan sa serbisyo publiko at sa pamamahala ng mga pabrika. May kapangyarihan sila na itaguyod o hindi ang pangangalakal. Sila ang nagdedeklara ng digmaan o kapayapaan sa mga pamahalaan ng ibang bansa. Samakatuwid, ang mga namumuno ay may kapangyarihan na gamitin ang mga puwersa sa lipunan upang pasunurin lahat sa kanilang kagustuhan. Ang kapangyarihang ito, sa aming opinyon ang siyang prinsipyo ng pamahalaan at maykapangyarihan.

Ngunit ano ang dahilan sa pamamalagi ng pamahalaan?

Bakit natin isusuko ang ating kalayaan sa iba? Bakit natin sila bibigyan ng kapangyarihan upang sila ang ating maging panginoo? Ang mga namumuno ba ay sadyang matatalino na maaring kumatawan sa masa at kumilos para sa interes ng lahat? Sila ba ay hindi na nagkakamali at maaring pagkatiwalaan ng lubos?

Kahit mayroong tao na lubos ang karunungan at katapatan, kahit ipalagay natin na hindi: ito nangyari sa kasaysayan at tayo ay hindi naniniwala na ito ay mangyayari, ito kaya ay makadagdag sa kanilang katapatan? Hindi kaya ito ang makasira sa kanila? Ang mga namumuno ay mapipilitang makialam sa mga bagay na hindi nila naiintindihan. Malimit, sila ay nagsasayang ng panahon upang mapanatili ang sarili nila sa kapangyarihan.

Paano ba nagkakaroon ng kapangyarihan ang mga namumuno, maging sila ay malupit o mabait, marunong mangmang? Nakakamit ba nila ang kapangyarihan sa pamamagitan ng digmaan o rebolusyon? Ano ang garantiya ng publiko na sila ay mayroong mabuting layunin? At kung ang kapangyarihan ay natamo nila sa pamamagitan ng pangangamkam, dahas or pandaraya, at kung dahil dito ang kanilang mga nasasakupan ay hindi kuntento sa kanilang pamumuno, wala na bang paraan upan wakasan ang kanilang pamumuno kung hindi sa pamamagitan ng dahas?

Kung ang mga namumuno ay pinili mula sa isang partido o uri, hindi ba't lahat na mga layunin at interes ng ibang uri o partido ay mababalewala? Minsan, ang mga namumuno ay pinipili sa pamamagitan ng eleksyon, kung saan ang bilang ng botong nakamit ang nagiging batayan kung sino ang mamumuno. Ngunit ang dami ng bumoto sa kanila ay hindi nangangahulugan na sila ay karapat-dapat. Sa isang eleksyon, nahahalal ang mga kandidato na marurong magalaga ng masa. Ang minority na maaring kulang ng isa lamang sa kalahati ng mga bumoboto ay hindi na nabibigyan ng pansin. Ang karanasan

sa kasaysayan ay nagpapakita na sa isang eleksyon ay walang garantiya na ang mga nahahalal ay siyang kinatawan ng nakakarami.

Marami ang mga teorya kung bakit ang tao ay nais na magkaroon ng isang pamahalaan. Lahat na pamahalaan ay itinatag sa paniwala na lahat na tao ay mayroong magkakasalungat na interes. Dahil dito, isang kapangyarihan ang kinakailangan na obligahin ang iba kasapi ng lipunan na igalang ang interes ng iba at ipatupad ang mga batas upang iwasan ang sigalot. Sa ganitong paraan, lahat ay magiging kuintento sa isang lipunan. Ang mga maykapangyarihan ay namamagitan upang iwasan ang alitan ng mga magkakasalungat na interes.

Ito ang teorya, ngunit upang ang isang teorya ay maging mahusay, ito ay dapat maipaliwanag ng mga pangyayari. Tingnan natin ang mga pangyayari.

Sa kasaysayan, ang pamahalaan ay brutal o marahas ng kakaunti sa nakakarami. Ito ay nagiging instrumento na ginagamit ng ilan upang sa pamamagitan ng dahas o pagiging tuso o di kaya ay dahil sa minanang kapangyarihan ay piliting magtrabaho ang mga pinamumunan para sa kanila.

Ang mga pamahalaan ay umaapi sa sangkatauhan sa pamamagitan ng dahas o di kaya ay sa pamamagitan ng pag-bawi sa kabuhayan na makaalis sa kapangyarihan ng tao. Ang kapangyarihang pulitikal ay nagmumula sa dahas, Ang pamahalaan ay maaring mang-apil ng tao sa pamamagitan ng kaniyang emosyon, gaya sa relihiyon. Ang dahilan ng pagpapalaganap ng mga pamahiin sa relihiyon ay upang karapatang pulitikal at ekonomikal ng mga namumuno.

Sa mga kauna-unahang (primitive) na lipunan, kakaunti pa ang tao, hindi masyadong kumplikado ang samahan ng mga tao. Ang kapangyarihang pulitikal at pang ekonomiya ay naiipon sa isa. Malimit, sa isang tao lamang. Yung mga nakalupig sa iba at nakapagpamulubi sa mga ito ay inatasan ang kanilang mga nalupig na magsilbi sa kanila. Ang mga nanalo ay naging mga proprietaryo, mambabatas, hari, huwes at mga berdugo.

Sa pagdami ng tao, lalong naging magulo ang samahan ng mga tao. Ang paggamit ng tahasang panunupil ay naging mas mahirap na. Para sa kanilang kaligtasan, ang mga namumuno ay umasa sa mga tao na mayroong mga interes na kagaya nila. Ngunit ang mga inaasahan nilang ito ay palaging naga ilalim ng kanilang kapangyarihan. Ang mga may-ari ng kayamanan na Kinasabwat ng mga namumuno ay dumami dahil sa proteksiyon na ibinigay sa kanila ng mga

pinuno. Ang mga may-ari ng yaman naman ay nagbigay ng tulong sa mga namumuno para sa kanilang sariling proteksiyon. Ang mga may-ari ng yaman ang nakakuha ng kontrol ng agrikultura, industriya at pangangalakal.

Ang mga may-ari ng kayamanan ay naging makapangyarihan. Dahil dito, nakuha nilang magawa ang pamahalaan na parang pulis na nangangalaga sa kanilang interes.

Ang pangyayaring ito ay palaging nauulit sa kasaysayan. Ang mga manlulupig, kapag nanalo ay laging pinagsasama ang kapangyarihan ng pamahalaan at kayamanan sa kanilang sarili. Dahil dito, ang mga namumuno ay kinakailangan na makipagsabwatan sa ibang makapangyarihang uri. Nagkaroon ulit ng personal na ari-arian. Ang uri na imakapangyarihan, kung kanino nakipagsabwatan ang mga pinuno ay siyang nag-may ari ng kayamanan. Sila ang naging mga negosyante at lumago ang kapangyarihan nila.

Hanggang ngayon ay makikita pa din ang mga pangyayari na ito. Ang pamahalaan ay binubuo ng mga mayayaman o di kaya ng mga tao na nasa inpluens iya ng mga namumuno. Dahil sa maari namang ang mga tao na nasa inpluensiya ng mga pinuno ang ilagay sa pamahalaan, hindi na kinakailangan na lumahok pa ang mga pinuno sa pamahalaan. Halimbawa, si Rotschild¹ ay hindi kinakailangan na lumahok sa Parliyamto. Sapat na na mayroong mga kagawad ng Parliyamto na hawak niya.

Sa maraming bansa, lumalahok nang bahagya ang mga anak-pawis o masa sa eleksiyon. Ito ay isang konsesyon na ibinigay ng burgesiya (ang mga may-ari ng yaman) upang makamit ang boto ng anak pawis o ang kanilang tulong laban sa monarkiya. Ito ay ginagawa din nila upang mapaniwala ang anak pawis na mayroon din silang kapangyarihang pulitikal. Ang kapangyarihang pulitikal ay isang ilusyon lamang, sa katotohanan ay wala nito ang anak pawis.

Sa lahat ng oras o lugar, kahit ano ang pangalan, at pinagmulan ng isang pamahalaan, ang tungkulin nito ay ipagtanggol ang manlulupig. Ang mga instrumento ng pamahalaan para dito ay ang mga pulis, kolektor ng buwis, mga kawal at mga bilanguan. Ang iba pang mga kasangkapan ay ang mga pari at mga guro na maaring suportahan

¹ Si Rotchild ay isa sa pinakamayanang negosyante sa Inglatera ngayon at noong panahon ni Malatesta.